RESBAK

Gloc-9

Hindi nila maiintindihan
Dahil 'di nila alam ang iyong pinagdaanan

Kung ano man ang aming
'Di namin akalain
Binuhos lang ang sipag na may luha sa pasanin
Madami man ang talo
At galos sa mukha ko
Tayo lang, punas at pagpag
Kukunin sa tiyaga ko

Ako ay bata na taga
Binangonan mula pa
Noon ay nakahiligan ko na na dumura sa
Mikropono hanggang sa tuluyan akong mahasa
Paulit-ulit, inukit pero di namihasa
Umasa palibhasa may laway lamang ang ginamit
Lapit na madagok tugma na nakakakulawit
Subalit lait na pangit palagi kang pinapatid
Di ka makausad dahil napakaraming balakid
'Di bale na
May pagkakataon ka pa na iba
Natutong magpahinga kahit na 'di nakahiga
Kapag 'di sigurado 'wag masyadong mabalisa
Basta't sinimulan darating ka sa kabila
Tapos o 'di tapos
Sa abot o kapos
Umawit nang umawit hanggang sa mapaos
Tandaan parang utos kandila na ubos
Kapag pwede kang sumikat ay pwede ka ring malaos

Hindi nila maiintindihan
Dahil 'di nila alam ang iyong pinagdaanan

Galing ng impyerno bago mapunta sa cloud - 9
Isang berdeng lumilinya bago pa ako ma-flat line
Sa karera 'di tumigil binangga ko na 'yung stop sign
Lahat magkaka death threat kapag ang hawak ko ay Glock-9
Kahit mainit pinilit sumingit malalim sumisid
Sa bugtong di nagpasirit Kahit mabwisit
Pinilit alay pawis at dugo Sumisirit
Kahit lubok di gumilid
Sa bangka humihirit

Di masisibat ang daming nagugulat
May paningin pero bulag kaya hindi namulat
Paligid puro ahas lumaki ako sa gubat
Inggit ang dahilan ba't di naghilom mga sugat

Mga walang bilib
Lahat ay umiling
Lahat ay trinabaho ko
Hindi puro hiling
Dami nang nagalit nung ako pa yung may narating
I'm the sickest in this game kaya hindi na gumaling

Hindi nila maiintindihan

Dahil 'di nila alam ang iyong pinagdaanan

Pwede mong isuot sapatos ko sandali
Nang malaman dinaanan, di talaga madali
Walang tinapakan derecho lang aking lakad
Walang kasiguraduhan pero walang alinlangan
Na sumubok kase alam ko na may mapapala
Alam mo san nanggaling kaya walang mawawala
Tapos sa ibang lebel pa pla to madadala
Kaya sabi ko kay nanay ay 'wag na mag-alala
Ako na bahala, tingnan mo anak mo bituwin
Simula pa lang lahat, walang balak pahintuin
Sa harang palikuin, sa tama palingunin
May mga bagay na dapat itama't balikuin
Alam ko na dahan dahan darating sa nararapat
Kung para sa iyo talaga, hindi maaawat
Parang kelan lang ngayon lahat, nagbunga na
Kung dati nasa dulo, ngayon ay nanguna na

Hindi nila maiintindihan
Dahil 'di nila alam ang iyong pinagdaanan

'Di ko pinagdudahan ang aking sarili
Sa paghakot ng pabuya ako y nawiwili
Jackpot parati, di tulad ng dati
Kita mo ang resulta kahit di ko sinasabi

Gigibain bibiyakin titibagin lahat gagawin
At titiyakin lahat tatawirin sa sagupa parin kahit maraming pating
Hanggang sa makarating sa pampang
Ngayon ay nakalutang sa ere sapagkat mahal na ang kada hakbang
Sa lupa oh di ba madalas nyong inuusisa
Tinapos ko na kahit di ako ang nag-upisa
Nilagari ko ang mapa kahit di ko kabisa
Palihim paring naggugunita
At medyo malayo-layo na
Kumusta na ang mga dating nagdududa
Bumigat ang timbang dahil sa laman ng bulsa
Kahit manalo o matalo man sa laro ay dako parin ang akong gugma
Hindi nila maiintindihan

Dahil 'di nila alam ang iyong pinagdaanan
Di na nila to mapipigilan

Sumugal walang pinagsisihan
Di mo din maalis sa isipan
Sinakal yung rap game pinanggigilan
Na parang yung babaeng malandi
Kasi kung san ako galing ayoko na bumalik
Yung parang basahang damit
Yung parang tadhana galit
Akala nila madali
Nakakasira ng bait yeah
Yung mga panahong hindi ako swinerte
Nawalan ng luha sa edad na disinwebe
Gininaw yung puso na parang laging disyembre
Iba 'to sa
Shanti na nakita mo sa lente
Madami-daming pinagpuyatang gabi
Kaharap sa mesa yung panulat kagabi, walang pake
Bago kong makuha yung miliyon di madali
Kaya tinawanan ko sila lahat kasi

Hindi nila maiintindihan
Dahil 'di nila alam ang iyong pinagdaanan

Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!